



*Editorial*


# Pakikipaglaban ng rebolusyonaryong kilusan para sa karapatan at kapakanan ng mga bata

**A**ng nakararaming bata sa bansa, katulad ng kanilang mga magulang, ay pawang biktima ng mga salot ng imperyalismo, pyudalismo, lansakang kabulukan ng gubyerno at pasismong militar. Sa ilalim ng kasalukuyang lubhang mapang-api at mapagsamantalang sistemang malakolonyal at malapydal, biktima ang mga bata ng pangkalahatang kawalang-pagmamalasakit sa kanilang kalagayan at ng kapabayaan sa kanilang mga saligang pangangailangan. Hinahagupit sila ng mga problema ng kagutuman at malnutrisyon, kawalan ng mga serbisyoong pangkalusugan, kakulangan sa edukasyon at mga katulad nito. Laganap din ang problema ng mga batang lumalaki sa lansangan at pinatratraho sa mapanganib, mapang-abuso at maruruming kundisyon kapalit ng aliping pasahod.

Sa kabilang pagsasabatas ngayong taon ng Juvenile Justice Law (Batas Panghustisya Para sa mga Bata), walang tunay na ipanikitang pagmamahal sa mga bata ang reaksyunaryong gubyerno at estado. Taun-taon, pa-liit nang paliit ang inilalalaan nitong badyet sa edukasyon

at kalusugan relatibo sa lumalaking bahaging pam-bayad sa panlabas na utang at nakalaan sa militar. Sa harap ng laganap na malnutrisyon, wala itong iniaalok kundi *instant noodles* na bahagyang mas murang ibinebenta ng gubyerno. Ang inilulunsad nitong pakitang-taong mga programa ay bigo sa pagtugon sa pangmatagalang o kahit kagyat na pangangailangan ng mga bata at ng kanilang mga magulang. Malala pa, ang mga bata ay hindi pinatatawad ng militar sa paglulunsad nito ng kontra-rebolusyonaryong digma.

Sa ilalim ng kasalukuyang sistemang malakolonyal



at malapyudal, walang pag-asang makatamasa ang mga bata ng masagana, mapayapa at malayang kinabukasan. Tanging sa pagwawasak sa bulok na estado at sistemang umiiral at pagkakamit ng pambansang kalayaan at tunay na demokrasya magkakaroon ng katuran ang pangarap ng maaliwalas na kinabukasan para sa mga bata.

Ang pagtaguyod sa interes ng mga bata ay kabilang sa saligang mga hangarin ng Partido at buong rebolusyonaryong kilusan. Sa pamumuno ng Partido, sa tulong ng BHB at sa pamamagitan ng mga lokal na samahang masa at mga organo ng kapangyarihang pampolitika—kabilang ang mga komite para sa kababaihan, edukasyon, kultura, kabuhayan at kalusugan—puspusang isinusulong ng rebolusyonaryong kilusan ang interes at kapakanan ng mga bata at mga pangangailangan nila sa literasiya, kalusugan, edukasyon, kasiyahan at kamulatan.

Batay sa inabot nang antas ng organisasyon at kakayahan ng rebolusyonaryong kapangyarihan at sa kundisyon ng pag-iral ng digmaan, naisasakatuparan sa mga sona, larangan at baseng gerilya

ang mga hakbanging nakatuon sa edukasyon, literasiya at kalusugan ng mga bata at ina, kaalinsabay ng mga programang pang-ekonomya. Ipinatutupad rin ang pagtutulungan sa pag-aaruga at pagpapaunlad ng mga bata.

Pinaiiral ang mga patakaran laban sa pang-aabuso at mabigat na pagpapatrabaho sa mga bata. Gina-gabayan ang buong komunidad sa pagbaka sa mga atrasado, di siyentipiko, bulok, pyudal at burges na kaisipan at gawi, kabilang yaong pumapatungkol sa mga bata. Sinisikap na magkakaroon ng pagkakataon at panahon ang mga bata para maglaro, magsaya at matuto.

Nililinang ng rebolusyonaryong kilusan sa mga bata ang patriotiko, demokratiko at progresibong kaisipan, kultura at kauigalian. Pinauunlad ang kanilang mga kakayahang maisulong ang kanilang mga karapatan at kapakanan. Hinihikayat silang lumahok sa mga rebolusyonaryong programa at aktibidad ng komunidad sa paraang angkop sa kanilang edad, kalagayan at kakayahan. Ang paglahok nila sa rebolusyonaryong pakikibaka sa iba't ibang paraan ay itinuturing na bahagi na rin nila sa

paglikha ng kinabukasang pakikinabangan nila at ng mga susunod pang salinlahi.

Sa gabay ng mga nakatatanda sa kanila, ang mga bata ay binibigyan ng pagkakataong mag-ambag sa mga programang pangkabuhayan, pampolitika, pang-edukasyon, pangkultura, pangka-lusugan, panseguridad at iba pang gawaing makabuluhan at kapaki-pakinabang sa komunidad at sa rebolusyon.

Kabilang sa mga ginagampanan ng mga bata ang pagtuturo ng literasiya at iba pang paksa sa mga mas nakababata sa kanila, pag-organisa ng mga grupong pangkultura at paglulunsad ng mga pagtatanghal at sarili nilang mga kooperatiba at kolektibang proyektong pangkabuhayan.

Itinataguyod ng rebolusyonaryong kilusan ang karapatan ng mga bata na lumahok at sumuporta sa sama-samang pagtatanggol ng buong komunidad sa sarili nilang seguridad at kapakanan sa harap ng pananalakay ng mga pasista at paghahangad rin nilang mapuksa ang mga salot na sumasalanta sa sambayanang Pilipino. Ipinagtatanggol ang kanilang mga karapatan at tinuturuan silang manindigan at magtanggol sa kanilang mga karapatan, laluna laban sa mga atake ng mga pasistang pwersa ng estado, mga kriminal at iba pang mapang-aping pwersa at elemento.

Nag-aambag din sila sa ilang gawaing di pangkombat na nakatutulong sa depensa ng kanilang komunidad at nagtagtaguyod sa armadong pakikibaka, tulad ng pag-subaybay sa kaaway, pagpapaabot ng mga mensahe at alarma sa seguridad, paghahatid ng pagkain sa hukbong bayan, at mga katulad nito basta't ang mga ito'y malayo sa peligro at saklaw ng kanilang kakayahang pisikal. Kasabay nito, tinitiyak ng Partido Komunista ng



Espesyal na Isyu Agosto 25, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

[angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Nilalaman

Editoryal: Pakikipaglaban ng rebolusyonaryong kilusan para sa mga bata	1
Panayam ng UNICEF Research Team kaugnay sa usapin ng mga batang sundalo	3
NDFP: Kaugnay sa mga karapatan ng mga bata	8
Maraming pambabaluktot sa librong <i>Deadly Playgrounds</i>	11

# Panayam ng Unicef Research Team hinggil sa usapin ng mga batang sundalo

Abril 2006

Ang mga tanong na ito ay ipinaabot sa sentral na pamunuan ng PKP ng isang tim ng mga mananaliksik ng United Nations Children's Endowment Fund (Unicef) kaugnay ng isinagawang pananaliksik ng Unicef sa kala-gayan ng mga bata at kababaihan sa gitna ng armadong tunggalian sa Pilipinas. Ang mga tanong na ito ay sinagot ng Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral (KT-KS) ng PKP.

**Tanong:** Ano ang mga batayan sa likod ng mga patakarang inilabas noong 1988 at 1999?

**Sagot:** Sa pulong nito noong 1988, tinasa ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral (KPKS) ng PKP ang lakas at pagkilos ng BHB, ng mga organo ng kapang-yarihang pampulitika at ng mga sona at baseng gerilya upang konsolidahan ang malalaking pagsulong sa nau-nang mga taon, laluna sa kaigtingan ng pakikibaka laban sa diktadurang US-Marcos, at upang harapin ang walang pakundangang Total



War ng reaksyunaryong estado.

Naglabas ang KPKS ng mas pirming patakaran sa minimum na edad ng maaaring rekrutin sa BHB alinsunod sa pag-sisikap nitong isistematisa at pahusayin ang rekrutment, pagsasanay at promosyon ng mga upisyal at mandirigma ng BHB. Kaalinsabay, naglatag ito ng mga hakbang upang mapauunlad ang gawain ng mga organo ng kapangyarihang pampulitika at organisasyong masa sa mga sonang gerilya—laluna sa gawain ng mga komite sa kalusugan, edukasyon at kultura—

nang may espesyal na pansin sa pangangalaga sa kapakanan ng mga bata.

Sa paglalabas ng patakaran sa minimum na edad, ang KPKS ay ginabayan ng sumusunod: (a) ang malaon nang patakaran ng Partido, BHB at rebolusyonaryong kilusan na itaguyod at pangalagaan ang interes at kapakanan ng mga bata; (b) ilang usapin hinggil sa kalidad ng mga narerekrut, kabilang ang kamusmusan at pagiging di estable ng mga menor de edad; at (k) mga kaukulang prubisyon ng Protocol II ng Geneva Conventions.

Sa partikular, pinansin ng KPKS ang kalagayan ng paparaming kabataang nagnanais na umanib sa BHB. Ang kalagayang ito ay ibinunsod ng matinding militarisasyon sa kanayunan na nagtulak sa pagdami ng kabataang magsasakang nag-aaplay para lumahok sa rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Sinasalamin din nito ang malalim at malawak na suportang masa para sa BHB. Ang kawalan ng malinaw na patakaran sa takdang

*Sundan sa pahina 4*

## *"Editoryal...," pahina mula sa pahina 2*

Pilipinas, ng Bagong Hukbong Bayan at ng rebolusyonaryong kilusan na ang mga batang wala pa sa wastong edad ay hindi pahihintulutang marekluta bilang mandirigma ng BHB o tuwirang lumahok sa armadong labanan.

Ang partikular na usapin ng pagkakasangkot ng mga bata sa digmaan ay pinahahalagahan at wastong hinaharap ng mga rebolusyonaryong pwersa, laluna sa harap ng tunitinding bangis at kawalang-pakundangan ng mga pasistang pwersa ng reaksyunaryong estado. Seryoso itong hinaharap ng Partido Komunista ng Pilipinas, ng Bagong Hukbong Bayan at ng buong

rebolusyonaryong kilusan at ginagawan ng nararapat na mga hakbangin upang mapangalagaan ang mga karapatan at kagalingan ng mga bata.

Ang seryosong pagpupunyagi ng rebolusyonaryong kilusan na lumikha ng maaliwalas na kinabukasan para sa mga bata ay nakakawing sa kabuuang rebolusyonaryong pagsisikap na pawiin ang lahat ng anyo ng pang-aapi at pagsasamantala at itayo ang isang lipunang malaya, demokratiko at maunlad. Ang mga bata at mga susunod na salinlahi ng masa ng sambayanan ang siyang magtatamasa ng pinakamalaking pakinabang sa pagtagumpay ng rebolusyonaryong pakikibaka.

AB

edad noong una ay nagresulta sa maraming kaso ng pag-anib ng mga tinedyer sa BHB.

Nagpasya ang KPKS na gawing mas eksakto ang mga alituntunin ng BHB, na gawing mas tuwiran ang pagtatakda ng minimum na edad na 18 sa rekrutment. Ang gayong patakaran ay ibinatay sa pananaw na ang mga rekrut ng BHB ay dapat mayroon nang sapat na antas ng paggulang (*maturity*)—sa usaping pisikal, emosyunal, intelektwal at panlipunan—upang makagawa ng mga maalam na kapasyahan, magkaroon ng malinaw at matalas na pag-unawa sa umiiral na sitwasyon at mga problemang sosyo-ekonomiko at pam-pulitika, magkaroon ng matibay na pagsapol sa mga rebolusyonaryong prinsipyong magtaglay ng kahandaang gumanap ng mga rebolusyonaryong tungkulin at humarap sa mga kahirapan at sakripisyong kaakibat ng pagsusulong ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Nagbuo rin noon ang PKP at NDF ng isang espesyal na *task force* (na tinawag na “Task Force Geneva”) para pag-aranan ang Geneva Conventions at mga Protocol hinggil sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas para sa sumusunod na mga layunin: (a) alamin kung tugma ang mga ito sa mga batayang prinsipyo, alituntunin at praktika ng PKP, BHB at NDF sa konteksto ng hangaring pormal na pumailalim sa mga kumbensyong ito; (b) itaas ang kaalaman ng mga rebolusyonaryong pwersa kaugnay ng internasyunal na makataong batas nang sa gayo'y mapauunlad pa ang mga patakaran at praktika ng rebolusyonaryong kilusan; at (k) paghandaan ang pormal na pakikipagnegosasyong pangkapayapaan sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) alinsunod sa internasyunal na makataong batas at mga pamantayan.

Noong 1999, naglabas ng memorandum ang Komiteng Tagapaggapanap ng Komite Sentral (KTKS) para sa lahat ng mga organo ng Partido at kumand ng BHB na muling pagtibayin at bigyang-diin ang panggangailangang mahigpit na tumalima sa takdang minimum na edad na 18 sa pagrerekrut sa BHB. Kasabay nito, muling ipinahayag ng memo ang pormal na pagpapailalim ng PKP sa pamamagitan ng NDFP sa lahat ng batas sa karapatang-tao at sa internasyunal na makataong batas alinsunod sa Geneva Conventions at mga kaugnay na protokol. Kasalukuyan noong gina-

ganap ang mga internasyunal na talakayan kaugnay ng panukalang Optional Protocol to the Convention on the Rights of the Child, kabilang ang prubisyon hinggil sa takdang minimum na edad na 18 sa rekrutment sa mga panlabang yunit. Nagpahayag ang PKP ng awtomatikong pagtalima sa naturang opsyonal na protokol dalawang taon bago ito mapirmahan bilang internasyunal na tratado.

**Tanong:** *Ano ang saklaw ng patakaran? Bukod sa aktwal na pagpapahayag ng patakaran, gaano kalinaw ang sumusunod: pormal na pagpapaliwanag hinggil sa batayan; mga paraan ng pagpoproseso sa mga aplikante; at mga protokol para tanggihan ang mga menor de edad.*

**Sagot:** Ang takdang minimum na edad na panimulang inilatac noong 1988 ay nag-ing saligang patakaran na ng BHB at sumasaklaw sa buong organisasyon. Ang pagtalima sa patakaran ito at ang pagdidiin nito nang walang pasubali ay muling ipinahayag noong 1999 sa pamamagitan ng isang memorandum ng KTKS, gayundin noong 2002 sa pamamagitan ng isang resolusyon ng ika-11 plenum ng KS.

May dati nang mga istandard na paraan ng pagpoproseso sa mga narerekrut. Maliban sa dagdag na hakbang ng pagtiyak sa edad ng aplikante, walang binalogo sa kaparaanang ito. Tinitingnan, nirerepaso at tinatalakay muna ng kinauukulang organo ng Partido o kumand ng BHB ang personal na kasaysayan, pulitika at rekord ng bawat rekrut gayundin ang mga rekomendasyon ng lokal na sangay ng Partido, lokal na milisya, lokal na mga organisasyon masang kinabibilangan nila, iba pang lokal na aktibista at iba pang kinauukulan bago gawin ang aktwal na rekrutment.

Ang mga wala pa sa takdang minimum na edad na 18 ay pinaghahintay, higit pang pinaghahanda at pansamantalang itinatalaga sa iba't ibang tungkuling di pangkombat at di mapanganib bilang mga aktibista ng sibilyan o kaya nama'y pinauuwi upang sumuporta sa produksyon ng pamilya o magpatuloy ng pag-aaral.

**Tanong:** *May mga pasubali ba sa patakaran, lalo't ipinahihintulot ng Optional Protocol? Nagkaroon ba ng aktwal na mga mungkahi para sa gayong mga pasubali, batay sa mga konsiderasyong pangkultura at iba't ibang realidad sa larangan (halimbawa, ang kagawiang*



sa murang edad ay bumabalikat na ng iba't ibang responsibilidad ang kabataan, ang kaligtasan ng kabataan mula sa militar, at iba pa)?

**Sagot:** Ipinahihintulot ng Optional Protocol to the Convention on the Rights of the Child ang boluntaryong pagsapi sa mga pambansang armadong pwersa sa edad na wala pang 18 basta't natitiyak ang ilang partikular na minimum na kundisyon, tulad ng isinasaad ng Article 3 ng opsyonal na protokol:

Ang pagsapi ay tunay na boluntaryo.

Ang gayong rekrutment ay isinasagawa nang may pahintulot ang mga magulang o lugal na tagapangalaga ng nirerekrut;

Lubos na nababatid ng mga nirerekrut ang mga tungkuling kaakibat ng gayong serbisyo militar;

Ang mga nirerekrut ay nagpapakita ng mapagkakatiwalaang katibayan ng edad bago tanggapin sa pambansang serbisyo militar.

Gayunman, walang pinagbibigyang anumang pasubali ang PKP-NDF-BHB kahit batay sa naturang artikulo. Sa puntong ito, di hamak na mas abante ang pusisyon ng PKP-NDF-BHB kaysa itinatakda ng mga kumbensyon at protokol ng Geneva hinggil sa mga batang sundalo.

Bagamat walang saligang pagtutol sa loob ng PKP at BHB kaugnay ng patakaran sa minimum na edad sa rekrutment, may mga yunit ng BHB na nagmungkahi ng ilang kaso por kasong pasubali sa patakaran. Gayunman, ang gayong mga mungkahi ay tinanggihan ng sentral na pamunuan.

Tulad ng sinasabi ng ilan sa mga mungkahi, ang mga batang magsasakang mula sa murang edad na 8 o 9 anyos ay naooblige nang lumahok sa gawaing produksyon ng mga nakatatanda dahil sa sukdulang kahirapan. Kaya sa edad na 15 anyos, sa pangkalahatan ay mas ganap na ang paggulang ng mga magsasaka kumpara sa mga kaedad nila sa kalunsuran. Lalong umiiral ito sa mga pambansa o etnikong minorya sa kanayunan, na karamihay may asawa na pagsapit sa edad na 15 taon. Kaya may ilang mungkahing pasubali mula sa mahihirap na pamayanang magsasaka at laluna sa mga komunidad ng pambansang minorya kung saan pwersado ang mga bata na kumayod nang kagaya ng mga nakatatanda upang magproduksyon para sa kanilang mga pamilya at para sa komunidad.

Ang iba pang mungkahi ay ibinunsod ng mga nakaambang panganib sa mga bata dahil sa pagtugis ng militar sa kanilang mga magulang o sa kanila mismo.

Gayunman, lahat ng mga kahilingang ito ay

tinanggihan ng pamunuan ng PKP, upang ipakita ang kapasyahan ng Partido na pangalagaan ang mga kapatian at kapakanan ng mga bata at itaguyod ang mga internasyunal na kumbensyon kaugnay ng mga usapin hinggil sa mga batang sundalo. Ito rin ang nakitang pinakamabuting hakbang para mapasubalian ang paninira ng AFP na ang BHB umano ay "maramihan at sistematikong nigrerekrut ng mga batang sundalo."


**Tanong:** May sarili rin bang mga patakaran at programa ang rebolusyonaryong kilusan para pangalagaan ang kapakanan ng mga bata?

**Sagot:** Patakaran ng rebolusyonaryong kilusan at ng iba't ibang organo nito ang pangalagaan ang kapakanan ng mga bata.

Ang mga subkomite sa edukasyon, mga guro at mga organisasyong masa (laluna ang mga guro, kababaihan, kabataan, mga bata at aktibistang pangkultura) sa mga saklaw ng mga nagsasariling gubyernong bayan ay inaatasang magpatupad ng mga programang pang-edukasyon para sa mga bata. Hinihikayat ang mga guro sa mga pararalang publiko ng GRP na maging masinop sa kanilang pagtuturo at magpalaganap ng mga patriyotiko at demokratikong prinsipy, ideya at praktika sa mga bata.

Pinangangalagaan ng mga lokal na organo ng kapangyarihang pampolitika at mga organisasyong masa ang kalusugan ng mga ina at mga bata. Nagsusulong sila ng edukasyon hinggil sa kalusugan, nutrisyon at kalinisan at pinangungunaan nila ang pagbubuo ng sistema ng pag-iwas sa sakit at paghahatid ng serbisyon pangkalusugan. Ang sistemang pangkalusugan ay kinabibilangan ng mga propesyunal na manggawaing pangkalusugan at mga sinanay na lokal na boluntaryong paramedik. Nagtatayo ng mga *day care center* o mga sistema ng kolektibo o magkakasamang pag-aaruga sa mga bata saan man ito posible. Ang mga subkomite sa kalusugan at ang mga organisasyong masa ng mga manggawaing pangkalusugan ay nakikipagtulungan sa iba pang organisasyong masa at mga upisyal sa gawaing medikal ng BHB.

Pinapayuhan ang mga magulang na pag-alarin ang kanilang mga anak laluna ang mga 15 anyos pababa at bigyan sila ng mga gawaing angkop sa kanilang edad at hindi sumasagasa sa oras nilang makapag-alaral sa bahay. Sinisikap ng mga organo ng kapangyarihang



pampolitika at mga organisasyon masa na sugpuin ang mapagsamantalang mga kalakaran sa mga sakahan, plantasyon at pagawaan laluna laban sa mga bata.

Isinusulong ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika at mga organisasyon ng masang kabataan, kababaihan, guro at aktibistang pangkultura ang pagtatayo ng mga organisasyon ng mga bata alinsunod sa pagkilala sa karapatan ng mga bata na itaguyod at isulong ang kanilang mga karapatan at lumahok sa pagbabagong panlipunan batay sa kanilang mga kakayahan. Hinihikayat ang mga bata na lumahok at tumulong bilang mga instruktor ng mga kapwa bata sa mga gawaing pang-edukasyon at pangkultura, lumahok sa produksyon, gumanap ng gawaing pag-oorganisa sa hanay ng kabataan, sumama sa iba't ibang kilusang masa at iba pang kapaki-pakinabang na pagsisikap para sa kanilang sariling kaunlarang intelektwal, kultural, pulitikal at panlipunan gayundin para sa kapakinabangan ng kanilang mga pamilya, komunidad at ng rebolusyonaryong kilusan. Hinihikayat din silang aktibong sumuporta sa mga programa ng mga rebolusyonaryong organo ng kapangyarihang bayan, mga organisasyon ng masang magsasaka, kababaihan at iba pang sektor, at iba't ibang komite.

**Tanong:** May mga anyo ba ng pakikisangkot sa armadong rebolusyon o sa mga gawain ng BHB na maaaring mapagkamalang aktwal na paglahok sa armadong sagupaan?

**Sagot:** Habang ang mga batang wala pang 18 at mahigit nang 15 anyos ay pinbabawalang umanib sa mga panlabang yunit ng BHB at tuwirang lumahok sa mga operasyong pangkombat, ang ilan nilang aktibidad bilang paghahanda sa pagtatanggol sa sarili, sa pagtatanggol sa kani-kanilang komunidad at pag-aambag sa kabuuang rebolusyonaryong pagsisikap ay madalas na malisyonong pinalalabas ng AFP bilang aktwal na paglahok sa armadong labanan.

Kabilang dito ang pagdaan sa batayang instruksyon at pagsasanay, sa gabay ng kanilang mga magulang at pamayanan, kung paano ipagtatanggol ang kanilang mga tahanan at pamayanan sa sumasalakay na mga powersang militar, pulis at paramilitar ng gobyerno. Hindi matatawaran ang naitutulong nila sa

pagpapaabot ng impormasyon hinggil sa presensya, pagdating o kilos ng mga tropa ng gobyerno. Tumutulong din sila sa paghahatid ng pagkain at iba pang suplay na di pangmilitar at sa pagganap ng iba pang di tuwiran at di mapanganib na mga tungkuling pansuporta sa mga yunit ng BHB na nasa kanilang komunidad.

Habang ginagampanan nila ang gayong mga tungkulin, nananatili silang sibilyan at hindi nadadala ng baril. Ang kanilang katayuan ay hindi naiiba sa estudyante sa hayskul at kolehiyo na sumasailalim sa panimula at batayang pagsasanay-militar sa itinatakda ng estado.

Malisyonong pinalalabas ng AFP na ang gayong mga kabataan ay mga "batang sundalo" tuwing tumutulong sila sa sama-samang pagtatanggol sa sarili ng kanilang mga komunidad.

**Tanong:** Paano pinagkaisa ang mga organo ng Partido at mga kumand ng BHB kaugnay ng naturang patakaran? Paano ito pinalaganap at anu-anong hakbang ang ginawa upang matiyak na ito ay nauunawaan at naipatutupad?



**Sagot:** Ang pangunahing paraan para magkaisa ay sa pamamagitan ng isang memo na nagpapabatid sa iba't ibang organo ng Partido at kumand ng BHB hanggang sa mga batayang yunit hinggil sa desisyon ng KPKS noong 1988 na magtakda ng minimum na edad sa rekrutment sa BHB. Noong 1999, isa pang memorandum ng KTKS na muling naglalahad ng desisyon noong 1988 at sumusog sa saligang alituntunin ng BHB ang inilabas at inilathala sa *Ang Bayan*, ang pahayagan ng PKP. Ipinabatid sa lahat ng yunit ng BHB ang desisyon at inatasan silang talakayin ang mga binagong patakaran at mga paliwanag na nasa mga memo. Nagdaos ng mga talakayan hinggil sa pagbabago ng patakaran sa mga pulong ng iba't ibang organo ng Partido at yunit ng BHB, at sa mga kampanyang pang-edukasyon. Nakatulong din nang malaki ang mga tuwirang pagsisiyasat ng Task Force Geneva sa iba't ibang rehiyon at lokal na yunit ng Partido at BHB.

Noong huling bahagi ng 2002, muling inilahad ng ika-11 plenum ng Komite Sentral ng PKP ang naturang desisyon at muli itong nagpaabot ng mga instruksyon sa lahat ng yunit ng Partido at BHB na nagbibigay-diin sa pangangailangang mahigpit na tumalima sa takdang minimum na edad.

Dagdag dito, ang dokumento ng Protocol II ay ginawang bahagi ng kursong pagsasanay para sa mga upisyal ng BHB. Isinalin na ito sa Pilipino at iba pang lokal na wika at pinalaganap sa mga yunit ng Partido at kumand ng BHB.

Gayundin, ang Breukelen Joint Declaration at ang mga dokumento ng CARHRIHL, na kapwa nagbibigay-diin sa kahalagahan ng mga internsyunal na pamantayan at internasyunal na makataong batas, ay isinalin na sa mga mayor na wika at malawakang pinalaganap at pinag-aaralan sa loob ng Partido, BHB at mga organisasyong masa.

**Tanong:** *Paano sinusubaybayan ang pagpapatupad ng patakaran? Ano ang antas ng pagtalima sa patakaran?*

**Sagot:** Inatasan ng KS ang mga panrehiyong komite ng Partido at mga panrehiyong kumand sa operasyon ng BHB na subaybayan at tiyakin ang pagtalima sa takdang minimum na edad. Responsibilidad ng iba't ibang komite ng Partido at kumand ng BHB sa iba't ibang antas pababa ang pagtiyak sa mahigpit na pagtalima.

Desentralisadong isinasagawa at pinagpapasyahan ang rekrutment sa mga yunit ng BHB. Ang mga nakabababang yunit ng BHB ay umaaksyon alinsunod sa mga umiiral na patakaran at alituntunin sa rekrutment. Pana-panahon silang nagsusumite sa mga nakatataas na kumand at sa pamunuan ng Partido ng mga ulat na nagbubuod sa katayuan at mga problema ng mga pwersa at mga rekrut, bukod sa iba pang usapin.

Mapauunlad pa ang sistema ng pag-uulat upang mas depinidong isanib dito ang pagtsek-ap sa pagtalima sa takdang minimum na edad gayundin sa iba pang patakaran at alituntunin ng BHB. Maaari ring partikular na iatas ng mga nakatataas na organo ng Partido at kumand ng BHB ang pagsusumite ng mga espesyal na ulat ukol sa mga paglabag sa patakaran.

**Tanong:** *Anu-ano ang parusa sa di pagtalima sa patakaran?*

**Sagot:** Sa mga kasu ng paglabag sa patakaran, inoobliga ang mga kinaukulang yunit na agad harapin ang sitwasyon at magsagawa ng pagtutuwid at posibleng aksyong pandisiplina. Sa ngayon, kahit sa mga pambihirang kasu ng di pagtalima na nangyari noong una, ibig sabihin bago itulak ng PKP at BHB ang unibersal na pagtalima, wala pang kasu ng basta-

bastang pagbalewala sa patakaran sa minimum na edad. Sa karamihan ng mga kasong ito, ang mga yunit ng BHB ay nahaharap sa mga sitwasyon kung saan wala silang makitang kagyt na alternatibong opsyon para sa mga elementong wala pang 18 anyos, kabilang yaong mga anak ng mga pultaym na Pulang mandirigma, mga kabilang sa pamilyang pinag-iinitan ng militar o mga tinutugis mismo ng armadong pwersa ng kaaway at hindi kagyt na maililipat sa ligtas na lugar.

Dahil sa kauna-unawang gipit na sirkunstansya ng gayong mga pambihirang kasu ng di pagtalima, mas ginamit ng PKP at BHB ang edukasyon at pagpuna, gayundin ang paglalabas ng pampolitikang gabay at pagbibigay ng ayudang organisasyunal sa mga yunit ng BHB upang matulungan sila sa pagpapatupad ng patakaran sa minimum na edad at pagwawasto sa mga naunang paglabag sa patakaran.

**Tanong:** *Ano ang inyong reaksyon sa mga impormasyong nakalap ng UNICEF research team?*

**Sagot:** Ikinalulugod ng PKP ang mga impormasyong nakalap ng inyong pananaliksik na sa aming pananaw ay matapat at obhetibo. Pinatutunayan ng mga impormasyong nakalap ninyo mula sa iba't ibang yunit ng BHB ang kaseryosohan at kapasyahan ng BHB sa kabuuhan na tumupad sa patakaran sa takdang minimum na edad na 18 taon sa pagrerekrut sa mga panlabang yunit nito. Dapat nating bigyang-diin ang katotohanang sa proseso ng inyong pananaliksik, nabatid ninyo na bagamat nagkaroon ng kauna-unawang mga paglabag noong nakaraan, naituwid na ang mga iyon at sa kasalukuyan ay walang naitalang aktwal na aktibong batang kombatant sa mga yunit ng BHB na inyong nakahalubilo.

Hindi ito nangangahulugan na walang-walang naging pagkakamali laluna noong mga unang taon ng pagpapatupad ng patakaran sa takdang minimum na edad mula 1999. Gayunman, tuluy-tuloy na nabawasan ang gayong mga kasu mula 2002, gaya ng bahagyang mahinuha sa mga resulta ng inyong pananaliksik. Dagdag pa, dapat din naming bigyang-diin na gayong ang mga kasong iyon ay mga "kahinaan" sa pagpapatupad ng mas mahihigpit na patakaran ng BHB, hindi naman masasabing ang mga iyo'y paglabag sa mga internasyunal na tuntunin, tulad ng tinukoy sa sagot sa ikaapat na tanong.



# Kaugnay sa mga karapatan ng mga bata\*

## Mga pasakit na dinaranas ng nakararaming batang Pilipino

Di kukulangin sa 90% ng mga batang Pilipino ang dumaranas ng lansakang paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng malakolonyal at malayudal na naghaharing sistema ng mga uring malaking kumprador burgesya at panginoong maylupa. Biktima rin sila ng pang-aaping dayuhan at pyudal na nagpapahirap sa mga magulang nilang manggawa at magsasaka.

Nabubuhay sila sa kalunus-lunos na kahirapan at sukdulang kawalan. Dumaranas sila ng malnutrisyon at madali silang dapuan ng sakit. Kulang na kulang ang nakukuha nilang edukasyon, kung mayroon man. Napakasalat din ng natatanggap nilang pangangalang pangkalusugan, gamot at maayos na tirahan. Karamihan sa kanila ay hindi nakalalampas ng Grade 4 at hindi marunong magsulat, magbasa at magkwenta. Bago pa man sila sumapit sa edad na 15 anyos, sumasabak na sila sa mabibigat na trabaho upang tuluhan ang kanilang mga magulang sa pagbuhay ng pamilya. Kalakhan ng mga bata ay naninirahan sa kanayunan sa kalagayang pyudal at malapyudal at lumalahok (nang kadalasa'y walang bayad) sa produksyong agrikultural, ilang panimulang pagpoproseso ng produkto at paggawa ng mga kalakal na yaring-kamay (*handicrafts*).

Sa ilalim ng sistema ng malamanupakturang nakatuon sa eksport, sinasamantala ang murang lakas-paggawa ng mga bata, pinagtatrabaho nang pirasuhan sa kanilang mga bahay o plantasyon o mga iligal na pagawaan sa mga barungbarong sa kalunsuran o mga sentro ng barangay. Pinagtatrabaho sila nang matagal, kung minsan lampas 12 oras, kapalit ng di makataong pasahod. Malaki-laking bilang ng mga bata ang gumaga sa lansangan upang kumita sa paglalako o iba pang sarisaring hanapbuhay at matustusan ang kakulangan sa kita ng kanilang

mga magulang o kawalan nila ng trabaho.

Ang mga batang lansangan ay hantad sa napakaabang kalagayan. Ang ilan sa kanila ay nabubulid sa maliitang mga krimen, paggamit ng bawal na gamot at pagpuputa. Araw-araw silang kinikikilan at kinakaya-kaya ng mga pulis at bulnerable sila sa pangmomolestyang sekswal. Malimit silang pinaghuhuhuli at isinisiksik sa masisikip na kulungan kasama ng mga pusakal na kriminal.

Pinakamasasahol na kaso ang pagpatay at pagbebenta ng mga bata.

May mga bata ring ibinebenta para iligal na ipaampon, gawing a liping sekswal o kung minsay para ipagbili sa ibang bansa ang mga parte ng kanilang katawan.

Ang mga anak ng mga kabilang sa panggitnang uri na maramihang nangingibang-bansa at namamasukan sa mabababang klase ng trabaho ay naiwan at nalalagay din sa panganib na mawalan ng tuhirang pansiun ng magulang at pangangalaga ng ina. Sa mga kasong ito, ang mga paglabag sa mga karapatan ng mga bata ay natatabingan ng ilusyon na ang mga remitans ng kanilang mga magulang ay tumitiyak na areglado ang lahat.


Ang mga anak ng mga

Bangsamoro at iba pang pambansang minorya ay di lamang nadurusa sa makauring pagsasamantala at pang-aapi sa mga manggawa at magsasaka. Biktima rin sila ng pambansang diskriminasyon sa pangkalahatan at sa mga ispesipikong kaso.

## Kumprehensibong pusisyon ng NDFP

Pinagtutuunan ng pansiun ng NDFP ang mga karapatan at kagalingan ng milyun-milyong batang wala pang 18 anyos sa pamamigtan ng pagharap sa pinag-uugatan ng mga paglabag sa mga karapatan ng bata. Ang mga ugat na ito ay nasa bulok na naghaharing sistema ng pang-aapi at pagsasamantala, ng labis na kayamanan ng iilan at sukdulang kahirapan ng napakarami. Sa kongkreto, ipinagtatanggol ng NDFP ang mga bata sa mga atake sa kanilang karapatan ng tatlong salot sa malakolonyal at malayudal na lipunang Pilipino: ang dayuhang monopolyo kapitalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.

Itinataguyod, ipinagtatanggol at isinusulong ng NDFP ang mga karapatan ng bata alinsunod sa sarili nitong mga prinsipyo, patakaran at regulasyon, gayundin sa mga internasyunal na pamantayang tuwiran at di tuwirang nakalatag sa mga kumbensyon at



tratado. May programa itong nakatuon sa pagsisikap at paglaban ng sambayanang Pilipino para sa pambansang paglaya at demokrasya laban sa mga dayuhan at lokal na nang-aapi at nagsasamantala. Layunin nitong itaguyod ang pambansang soberanya at bigyang-kapangyarihan ang masang anakpawis, magpatupad ng reforma sa lupa at pambansang industriyalisasyon, luminang ng kulturang patriyotiko, syentipiko at demokratiko at magsulong ng malayang patakarang panlabas para sa pandaigdigang kapayapaan at pag-unlad.

Inaatasan ng NDFP ang mga subkomite sa edukasyon sa ilalim ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika, ang mga itinalagang guro para sa elementarya at hayskul at ang mga organisasyong masa (laluna ng mga guro, kababaihan, kabataan, mga bata at aktibistang pangkultura) na isakatuparan ang programa para sa edukasyon ng mga batang wala pang 18 anyos sa mga saklaw ng mga nagsasariling gubyernong bayan.

Pinangangalagaan ng NDFP ang kalusugan ng mga ina at mga bata. Nagsusulong ito ng edukasyon hinggil sa kalusugan, masustansyang pagkain at kalinisan at pinangungunahan nito ang pagbubuo ng sistema ng pag-iwas sa sakit at paghahatid ng serbisyon pangkalusugan.

Pinapayuhan ang mga magulang na pag-aralin ang mga anak nilang 15 anyos pababa at bigyan sila ng mga gawaing angkop sa kanilang edad at hindi sasagasa sa oras nilang makapag-aryl sa bayan.

(I)pinagbabawal ng mga organo ng kapangyarihang pampolitika at

tika at mga organisasyong masa ang mapagsamantalang mga kalaran sa mga sakahan, plantasyon at pagawaan. Binibigyan ng batayang instruksyon at pagsasanay ang mga batang nasa pagitan ng 15 at 18 anyos kung paano makatutulong sa mga mas nakaatanda sa pagprotekta sa kanilang pamilya at pamayanan sa mga atake ng mga pwersang militar, pulis at paramilitar ng GRP.

Hinihikayat ng NDFP ang mga organo ng kapangyarihang pampolitika at mga organisasyon ng masang kabataan, kababaihan, guro at aktibistang pangkultura na magtayo ng organisasyon ng mga bata bilang pagkilala sa karapatan ng mga bata na itaguyod at isulong ang sarili nilang mga karapatan at lumahok sa pagbabago ng lipunan batay sa kanilang kakayahan.

Nagsisikap ang NDFP na bigyang-diin sa lahat ng tunay na nagmamasakit sa karapatang-tao sa kabuuan at sa mga karapatan ng bata sa partikular na kumprehensibo at malalimang tawin ang katotohanang talamak sa Pilipinas ang paglabag sa mga karapatan ng masang anakpawis, kababaihan at mga bata, humawak man ng sandata ang mamamayan o hindi. At kapag sumisiklab ang armadong tunggalian, ang mga pwersang militar, pulis at paramilitar ng GRP ang siyang naghahasik ng walang katwirang karaasan upang ipreserba ang di makatarungang naghaharing sistema.

Sa pananaw ng mga armadong rebolusyonaryo, walang pagpipilian ang mga api at pinagsasamantalang mamamayan kundi maglunsad

ng makatarungang digma para sa pambansang paglaya, magpunyagi para magtagumpay nang sa gayo'y buhayin ang pag-asa sa saligang pagbabago.

### Ang mga karapatan ng bata bilang usapin sa gera sibil

Mula 1988, bago pa man ang Convention on the Rights of the Child, tahasan nang ipinagbabawal ng PKP at BHB ang pagrerekrut ng mga batang wala pang 18 anyos para maging kombatant. Lagi-lagi na ring ipinapahayag ng NDFP na ang mga patakaran nito at ang batas ng demokratikong gubyernong bayan ay nagbabawal sa BHB na magrekrut ng mga batang wala pang 18 anyos para gawing kombatant na maipapakat sa mga opensibong kampanya at operasyon militar.

Ang mga nasa pagitan ng 15 at 18 anyos ay maaaring sanayin at atasan ng mga organisasyong masa hindi para palahukin sa mga labanan kundi para sa kaligtasan at pagtatanggol ng kanilang mga tahanan at pamayanan.

Ngunit sinasabi ng ilang malisyosong naninira sa NDFP at demokratikong gubyernong bayan sa mga ahensya ng UN at US at mga NGO na pinopondohan ng imperyalista na ang tinataguriang batang sundalo ay sinumang wala pang 18 anyos, na maaaring nasa isang komunidad na sinasalakay ng mga armadong pwersa ng reaksyuniaryong estado o kahit walang armas ay mapalalabas na kombatant dahil sa umano'y pagiging *lookout*, espiya, porter, kuryer, tagaluto o anupaman ng BHB.

Mayroong ilang gumagamit sa ilang kaso ng "batang sundalo" na gawa-gawa ng mga militar na eksperto sa saywar ng GRP at ginagamit ang mga iyon upang kalkulahin ang mas malaking bilang ng mga "batang sundalo" na umano'y naaresto ng pulis at mili-



tar ng GRP. Pinasisinungalingan ito ng mga rekord ng Joint Monitoring Committee (na nilikha ng CARHRIHL) at ng naunang mapag-kakatiwalaang mga rekord.

Lahat ng mga nagkakalat ng propaganda na ang BHB ay nag-rerekut ng mga "batang sundalong" wala pang 18 anyos at nagpalaganap ng bulaang pahayag na malaking bahagi ng mga batang wala pang 18 anyos sa mga erya ng BHB ay mga "batang sundalo" ay lumalabag mismo sa karapatan ng mga bata. Niluluwagan nila ang kahulugan ng sinasabing batang sundalo sa pagsasabing sinumang wala pang 18 anyos na umano'y may papel sa BHB, kahit hindi kombatant, ay isang batang sundalo. Binabaluktot nila ang karampatang proseso ng hustisya sa pagpapasa sa BHB ng responsibilidad na patunayang wala itong mga "batang sundalo" at hindi sila nag-aabalang iharap ang kanilang mga bintang at ebidensya sa usapang pangkapaya-paan o sa Joint Monitoring Committee sa ilalim ng CARHRIHL.

Taliwas sa ipinangangal-dakan nilang pagtatanggol sa mga karapatan ng bata, sa aktwal ay hinahawan ng mga naninira sa BHB ang daan para arrestuhin, ibilanggo, tortyurin at paslangin ng mga pwersang militar, pulis at paramilitar ang mga bata sa kanilang mga tahanan at pamayanan. Sa tangkang pagmukhaing demonyo ang BHB, nagkakalat sila ng propaganda na ang mga bata sa mga lugar na hinihinalang maka-BHB ay lehitimong target ng atakeng mili-tar. Ikinukubli rin nila ang mga kri-men ng mga armadong kampon ng GRP at pinalalabas na walang sala ang mga tunay na lansakang luma-labag sa karapatan ng mga bata.

#### Malulubhang paglabag sa karapatan ng mga bata ng GRP

Ang pantastiko at irrespon-sableng depinisyon ng tinataguri-

ang batang sundalo ay nagpapalakas sa loob ng mga pwersang militar, pulis at paramilitar ng GRP para gumawa ng pinakamasasahol na paglabag sa karapatan ng mga bata kapag naglulunsad sila ng mga kampanyang panunupil laban sa mamamayan sa mga lugar na hinihinalang sumusuporta sa rebo-lusyonaryong kilusan. Binibigyan nila ng katwiran ang brutal na mga atake sa mga bata dahil mga aktibo umanong myembro o reserba ng BHB ang mga iyon. Tinatarget nila ng putok ang mga bata at kapag-daka'y pinalalabas na sila ay mga mandirigma ng BHB.

Ang mga militar na kampanyang panunupil ng GRP ay karaniwang kinatatahukan ng walang habas na pagpatay sa matatanda at mga bata sa pamamagitan ng mga pambobomba, panganganyon, pamaril mula sa himpapawid at sa lupa, pangungulimbat at panununog. Matapos makontrol ng mga tropa ng GRP ang isang baryo, ang mga batang tinatayang di kukulangin sa 10 taong gulang ay namemeligrong mapagbintangang kombatant ng BHB at arbitraryong maaresto, magulpi, mapahirapan at mapatay. Sa katunayan, dating gawi na ng mga sundalo ng GRP na kapain ang mga balikat ng gayong mga bata upang alamin umano kung sapat ang tigas ng mga iyon bilang palatandaan ng madalas na pagtangan ng riple.

Paparami ang mga kaso ng pag-dukot ng militar at pulis sa mga bata sa mga komunidad na hinihinalang sumusuporta sa BHB at pinalilitaw sa midya na sila ay mga batang sundalo ng hukbong bayan.

Kapag tinatarget ng panunupil militar ang isang lugar, ang mga pwersang militar, pulis at paramilitar ng GRP ay nagsasagawa ng mga

*food blockade*, sapilitang pinasilikas ang mga tao o kaya'y pinaalis sila sa lugar na ginagawang "estratehikong hamlet." Sa *food blockade* o sapilitang ebakwasyon, napakaraming bata ang hinahagupit ng pinakamatinding pinsala. Nagugutom sila, nagkakasakit at hindi nakapapasok sa paaralan sa loob ng matagal na panahon. Kapag pinananatili sa baryo ang mga tao, inookupa ng mga tropa ang paaralan bilang baraks at hindi pinapapasok ang mga bata.

Mga bata ang pangunahing kaswalti sa mga *evacuation center*. Sila ang dumaranas ng pinakamatinding hagupit ng pagkalat ng mga sakit tulad ng pagtatae, sakit sa baga, tigdas at iba pa. Nalalantad din sila sa pang-aabu-song sekswal bunsod ng kasalatan ng mga akomodasyon...

#### Ang marahas na daigdig para sa mga bata at ang paglaban ng mamamayan

Ang mga bata ngayon ay nabubuhay sa wala pang kasindahan na daigdig, kung saan karkarang nilalabag ng mga imperyalista at mga tagasunod nila ang mga karapatang-tao at pinalabas na ang mga biktima ang siyang maysala. Sa pangunguna ng UN, kinokoordina ng IMF, World Bank at WTO ang pagsasamantala sa mama-mayan ng daigdig sa ilalim ng di makataong neoliberal na patakarang pang-ekonomya. Paultulit na ginagamit ng US at iba pang kapangyarihang imperyalista ang UN upang bigyang-matwid, padalin, isagawa, patagalin o pabanguhin ang agresyon at panunupil.

Walang anumang moral na awtoridad ang US at mga bilateral

*Sundan sa "NDFP...," pahina 11*

\* Halaw sa "Pagtatanggol ng NDFP sa batang Pilipino" ni Jose Ma. Sison Chief Political Consultant, National Democratic Front of the Philippines

# Maraming pagbabaluktot sa librong *Deadly Playgrounds*

**I**tinatakwil ng mga rebolusyonaryong pwersa ang *Deadly Playgrounds: The Phenomenon of Child Soldiers in the Philippines*, librong inilabas noong Agosto 2005 ng Philippine Human Rights Center (PhilRights), isang institusyon kilalang alyadong pampolitika ng mga personahe at organisasyong anti-PKP at anti-BHB at kontra sa armadong pakikibaka. Sa likod ng pagbabalatkayo na isa itong seryoso at malalim na pag-aaral ukol sa isyu ng mga batang sundalo, makikitang ito'y isang librong naglalaman ng maraming pagbabaluktot at paninira at inilabas laban sa Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan.

Tadtad ng mga kwestyunableng impormasyon ang librong ito. Pinalalabas dito na ang PKP ay isa sa mga pangunahing lumalabag sa mga internasyunal na kumbensyong nagbabawal sa mga batang sundalo. Sinusuhayang ng PhilRights ang isa sa pinakapaboritong kasinungalingan ng AFP laban sa PKP-BHB—ang diumano'y sistematiko at malawakang pagrerekrut ng mga bata sa BHB. Kaakibat nito, walang kahiyang pinababango ng libro ang Armed Forces of the Philippines (AFP) at Philippine National Police (PNP) at ang kakutsaba nitong maliliit na anti-Partido at kontra-rebolusyonaryong grupo, tulad ng grupong paramilitar na nagtatawag sa sariling Revolutionary Proletarian Army-Alex Boncayao Brigade.

Nagsimula ang librong ito sa isang pinasaklaw at madayang depinisyon ng mga "batang sundalo." Sa pambungad nito, binanggit na "ang batang sundalo ay sinumang mas bata sa 18 taong gulang na ba-

hagi ng anumang uri ng regular o di regular na armadong pwersa o armadong grupo, anuman ang kanilang papel na ginagampanan dito." Labis na binabaluktot ng PhilRights ang depinisyon ng UN Convention on the Rights of the Child (UNCRC) na nagsasaad na ang mga pumirma rito ay hinihikayat na umiwas sa pagrerekrut "ng mga batang 15 taong gulang pababa bilang mga armadong pwersa at pagsasabak sa kanila sa armadong labanan."

Malisyosong binaluktot ng PhilRights ang UNCRC upang palabas ng internasyunal na pamantayan ang sarili nitong depinisyon. Katulad ng AFP, pinapawi ng PhilRights ang kaibhan ng kombatant at di kombatant. Di lamang pinalalabas na mga "batang sundalo" ang mga batang lumalahok sa rebolusyonaryong pagsisikap alinsunod sa kanilang mga kakayahan bilang mga aktibista o bilang kalahok ng mga programang panlipunan ng rebolusyonaryong kilusan. Inilalagay

din sila sa peligro ng atake ng miliar dahil itinuturing silang mga kombatant kahit hindi sila sangkot sa armadong labanan.

Katulad ng AFP, pinalilitaw ng librong ito na laganap na patakaran ng BHB ang rekrutment ng mga bata—kahima't batay ito sa mga kwestyunableng datos. Bulag nitong itinuring na datos ang balita sa dyaryo tungkol sa umano'y pagkakadakip sa 172 batang "naglingkod sa BHB" noong 1997-2003 na pawang halaw sa mga rekord ng sinungaling na AFP. Basta na lamang nitong ngnuya at nilunok ang sinasabi ng AFP na 3% ng mga mandirigma ng BHB ay mga bata.

Sadyang pabor sa AFP at laban sa PKP at BHB ang libro. Hindi nakalimot ang libro na bigyan ng maraming espasyo ang mga kasinungalingan ng AFP at ng bandong grupong paramilitar na RPA-ABB. Subalit saanman sa libro ay walang makikitang pagsangguni sa sinumang upisyal o alinmang pampublikong pahayag o mga isinapublikong dokumento ng PKP at BHB.

Sa pamamagitan ng librong ito, nakipagkorong PhilRights sa propaganda ng AFP laban sa BHB. Irresponsible at malisyosong pinalalabas nitong may batayan ang linyang saywar ng AFP na maramihang nagrerekrut ang BHB ng mga batang sundalo. Ang librong ito ay marapat na aktibong itakwil bilang propagandang kontra-rebolusyonaryo, anti-Partido, anti-BHB at maka-AFP.

**"NDFP...," mula sa pahina 10**

at multilateral na instrumento nito (kabilang ang UN) para husgahan at pulaan ang mga kilusan para sa tunay na pambansang kalayaan. Malinaw na isinasangkalan ng US at mga papet na alyado nito ang usapin ng karapatang-tao at huma-

nitaryanismo sa interbensyon at agresyon militar.

Hindi hinahayaan ng mama-mayan ng daigdig na basta na lamang labagin ng US at mga kasabwat nila ang kanilang mga pambansa at demokratikong karapatan at ang kabuuan ng karapatang-tao, kabilang ang sa kababaihan at mga

bata. Tumitindig sila upang labanan ang imperyalistang gera at pandarambong. Nais nilang magtayo ng bago at mas mainam na mundo kung saan tatamasahin nila ang mga biyaya ng pambansang kasarinlan, demokrasya, katarungang panlipunan, kaunlaran at pandaigdigang kapayapaan.